# Sino Kami...

U.S. Consumer Product
Safety Commission

**SINO KAMI**
**ANO ANG AMING GINAGAWA**
**PAANO KAMI MAKATUTULONG**

U.S. CONSUMER PRODUCT SAFETY
COMMISSION

WASHINGTON, DC 20207

**HOT LINES**
**(800) 638-2772**

PARA SA MAY KAPANSANAN SA PANDINIG
**(800) 638-8270**

# Ano Ang Aming Ginagawa Para Sa INYO!

## Sino Kami

Kami ang Consumer Product Safety Commission, isang malayang federal regulatory agency na binuo ng Kongreso noong 1972 sa pamamagitan ng Consumer Product Safety Act. Sa bisa ng batas na ito, inatasan ng Kongreso ang Komisyon na "pangalagaan ang publiko laban sa panganib ng kapinsalaan at kamatayan na may kinalaman sa mga produktong pangkonsumer."

Sakop ng CPSC ang mahigit sa 15,000 uri ng produktong pangkonsumer mula sa automatic-drip coffee makers hanggang sa laruan, at maging lawn mowers. Samantala, ang ibang uri ng produkto ay sakop naman ng ibang ahensiya ng pamahalaan. Halimbawa, ang mga kotse, trak at motorsiklo ay saklaw ng Department of Transportation; ang mga gamot at kosmetico ay sa ilalim ng Food and Drug Administration; at ang mga inuming may alak, iba't-ibang uri ng tabako at mga armas ay sa pamamahala naman ng Department of Treasury.

## Ano Ang Aming Ginagawa

Kumikilos ang CPSC upang mabawasan ang mga posibleng panganib ng kapinsalaan at kamatayan na dulot ng mga produktong pangkonsumer sa pamamagitan ng:

- pagpapaunlad ng mga boluntaryong pamantayan (voluntary standards) sa mga industriya;
- pagpapalabas at pagpapatupad ng mga pamantayan bilang batas (mandatory standards); pagbabawal sa mga produktong pangkonsumer kung walang mabisang pamantayan ng sapat na makapangangalaga sa publiko;
- pagbawi sa pamilihan ng mga produktong mapanganib o pagtulong sa pagsasaayos ng mga ito upang maging ligtas para sa mga konsumer;
- pagsasagawa ng masusing pag-sasaliksik tungkol sa panganib na dulot ng isang produkto; at
- magbigay ng kaalaman at pag-aaral sa mga konsumer sa pamamagitan ng media, pambansa at lokal na pamahalaan, mga pribadong samaman, at tugunin ang mga katanungan ng mga konsumer.

## Paano Kami Makatutulong

Kung mayroon kayong suliranin sa isang produktong pangkonsumer o di kaya ay nais ninyong makakuha ng kaalaman hinggil dito, narito ang aming mga linya ng komunikasyon:

Para sa pagbibigay-alam ng mga di-ligtas na produkto o mga pinsalang may kaugnayan sa produktong pangkonsumer:

- tumawag sa CPSC toll-free Hotline sa numerong (800) 638-2772; at (800) 638-8270 para sa mga may kapansanan sa pagsasalita at pandinig
- sumulat sa CPSC at humingi ng libreng kopya ng talaan ng mga babasahin sa:

  U.S. Consumer Product
  Safety Commission
  Washington, DC 20207
- makipag-ugnayan sa aming pinakamalapit na sangay-tanggapan (tingnan ang talaan sa mga susunod na pahina)